

## Marital dilemma on the context of Filipino family: A literary analysis on the work of Diego Atienza Quisao

Murillo, Paul Vincent ✉

Leyte Normal University, Philippines ([murillopaulvincent@gmail.com](mailto:murillopaulvincent@gmail.com))

Acala, Michell

Leyte Normal University, Philippines ([michellet\\_acala@lnu.edu.ph](mailto:michellet_acala@lnu.edu.ph))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received:** 30 March 2021

**Revised:** 6 May 2021

**Accepted:** 30 May 2021

**Available Online:** 2 June 2021

**DOI:** 10.5861/ijrse.2021.601

### ***Abstract***

Filipinos believe in marriage as a sacred union of two people brought together by fate and molded by time. This research is a qualitative study that utilized the content analysis approach. The researchers aimed to analyze the common marital problems reflected in the short story titled “Ang Halaman ni Angela” written by Diego Atienza Quisao. Purposive sampling was used by the researchers wherein ten (10) selected Filipino majors were the participants of the study. The criteria include the age of students (19 above), must have taken a subject related to literature, and the number of years spent studying in LNU (2-4 years). The short story was analyzed through various lenses of literary theories – humanism, romanticism, and existentialism. The study strives to analyze the concept of marital decision, marital romance, attributes of man and woman as husband and wife, and how couples address the marital dilemma that they experience. Based on the results of the study, it showed that the story reflects the common marital problems in the context of Filipino families.

***Keywords:*** marriage; decision; attributes; marital romance; marital dilemma

## **Marital dilemma on the context of Filipino family: A literary analysis on the work of Diego Atienza Quisao**

### **1. Introduksyon**

Ang pag-aasawa ay isang sagradong pagsasama ng dalawang taong pinagtagpo ng tadhana at hinubog ng panahon. Ito ay hindi kasingtulad ng mainit na kanin na kapag isinubo at biglang napaso ay maaari na lamang iluwa, kaya nama't dapat pinag-iisipan ang napakahalagang yugtong ito sa buhay ng tao. Sa kabila nito, dahil sa makitid at makasariling pag-iisip ng tao kaya't nakagagawa ng maling desisyon hinggil sa pag-aasawa. Hindi maitatangi na may mga taong agad na kumakagat sa tukso't mas lalong pinaiiiral ang damdamin o puso kaysa sa rasyonal na pag-iisip kaya't minsa'y nahuhulog sa sariling patalim. Sa buhay pag-aasawa, isang panibagong kabanata ang pinapasok ng dalawang tao kaya't dapat batid ng mga ito ang maaaring mga pagbabagong maganap sa kanilang mga sarili at isa na rito ang kanilang pag-uugali. Kalimitan, ang kababaihan ang nahihirapan sa pagbabagong ito kaya't umaasta pa ring dalaga at makasarili kung saan sariling kaligayahan at pangangailangan lamang ang iniisip.

Ang Pilipinas ay isang Katoliko Romanong bansa at pinahahalagahan nito ang pamilyong Pilipino sapagka't ito ang pangunahing yunit ng lipunan. Walang perpektong pamilya o buhay mag-asawa sapagka't may mga suliraning gaanuman iwasan ng tao ay sadyang dumarating pa rin ang mga ito. Ayon kay Scott (2020), may ilang mga suliraning kinakaharap ang buhay mag-asawa at isa na rito ay dahil sa masamang pag-uugali. Pinapatay ng kayabangan at pagiging makasarili ang relasyon ng mag-asawa (Thompson, 2016). Marami sa pamilyang Pilipino ang nakokompromiso ang pagsasama dahil sa pinapabayaang suliranin na lumalaki nang lumalaki lalo na kung hindi ito tinutugunan nang naayon sa tamang proseso.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang panunuring pampanitikan, kaguruan ng panitikan, mga nagpapakadaluhasa sa Filipino, at maging sa lahat ng mamamayang Pilipino. Makatutulong din ang magiging resulta ng pag-aaral na ito sa pagpapa-unlad at pagpapalawak ng kaalaman sa panitikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsipat sa mga karaniwang suliranin sa pagsasama ng mag-asawa sa konteksto ng pamilyang Pilipino. Magsisilbing tiyak na layunin ang (1) desisyon sa pag-aasawa, (2) katangian ng lalaki at babae bilang asawa, (3) pag-iibigan ng mag-asawa, at (4) pagtugon sa suliraning pag-aasawa.

#### *1.1 Layunin*

Ang maikling kuwentong "Ang Halaman ni Angela" ay sumasalamin sa mga karaniwang suliranin sa pagsasama ng mag-asawa sa konteksto ng pamilyang Pilipino. Magsisilbing tiyak na layunin ang mga sumusunod:

- desisyon sa pag-aasawa
- katangian ng lalaki at babae bilang asawa
- pag-iibigan ng mag-asawa
- pagtugon sa suliraning pag-aasawa

#### *1.2 Saligang teoretikal*

Ang pagsusuring ito ay nakasalig sa paniniwala ng mga teoryang eksistensiyalismo, humanismo, at romantismo. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito, masisipat ng manunuri ang mga elementong saklaw sa

pag-aaral at tutugon sa inilatag na mga layunin. Ayon sa artikulo ukol sa *The Basics of Philosophy*, ang eksistensiyalismo at tumutukoy sa kalayaan ng tao na gumawa ng desisyon para sa sarili nang sa gayo'y makaahon mula sa isang nakapanlumong sitwasyon sa buhay. Si Soren Kierkegaard ang itinuturing na Ama ng Eksistensiyalismo sapagka't ang kanyang ginawang mga pag-aaral ay reaksyon at taliwas sa namamayagpag na pilosopiyang Hegelian sa kanyang kapanahunan. Gamit ang teoryang eksistensiyalismo, bibigyang-tuon ng manunuri ang mga pahayag sa akda na nagpapakita ng kalayaang gumawa ng desisyon o tugunan ng isang tao ang kanyang sitwasyon nang sa gayo'y makawala sa gapos ng suliranin.


Batay sa teoryang humanismo, papalitawin ng manunuri ang mga katangian ng lalaki at babae na lalong magpapakilala sa kanila bilang asawa. Ang dulog na ito ay pinaniniwalaang nagmula sa Europa noong panahon ng Muling Pagsilang kung saan ito ay nakatuon sa tao. Ayon sa pahayag ni Protagoras, "*ang tao ang sentro ng daigdig, ang sukatan ng lahat ng bagay, at ang panginoon ng kanyang kapalaran*".

Gamit ang teoryang romantismo, matutukoy ng manunuri ang pag-iibigan ng mag-asawa na nakabatay sa konteksto ng pamilyang Pilipino. Ayon kay Cuddon (n.d.), ang pananaw na ito ay isang kilusan sa sining at panitikan noong ika-18 at ika-19 na siglo laban sa Neoclassicism nang naunang siglo. Dagdag pa rito, imahinasyon, emosyon at kalayaan ang tiyak na tuon ng pananaw na ito.

Magsisilbing gabay ang mga teorya sa pagsusuri sa maikling kuwentong isinulat ni Diego Atienza Quisao. Nakatuon ang teoryang eksistensiyalismo sa desisyon sa pag-aasawa at pagtugon sa suliraning pag-aasawa, samantalang gagamitin ang teoryang humanismo upang mabatid ang katangian ng lalaki at babae bilang asawa. Gamit naman ang romantismong pananaw, matutukoy ang pag-iibigan ng mag-asawa.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong mabatid ang mga karaniwang suliranin sa pagsasama ng mag-asawa sa konteksto ng pamilyang Pilipino na masasalamatin sa akda ni Diego Atienza Quisao na pinamagatang *Ang Halaman ni Angela*.

### 1.3 Balangkas ng pag-aaral



### 1.4 Kahalagahan ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang panunuring pampanitikan, kaguruan sa panitikan, nagpapakadalubhasa sa Filipino, at maging sa lahat ng mamamayang Pilipino.

Magsisilbing gabay ang resulta ng pag-aaral na ito tungo sa pagbuo ng kamalayan sa mga karaniwang suliranin sa pagsasama ng mag-asawa sa konteksto ng pamilyang Pilipino batay sa maikling kuwentong sinusuri. Ang pagsusuring ito ay makatutulong din sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng kaalaman sa Panitikang Filipino.

## 2. Metodolohiya

Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gumamit ng *content analysis* upang matugunan ang layunin ng pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay sampung (10) piling mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa Leyte Normal University. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling kung saan nagsilbing pamantayan ang edad (19 pataas), kumukuha ng kursong panitikan, at ang bilang ng taon ng pag-aaral sa LNU (2-4 na taon). Ang mananaliksik ay bumuo ng liham sa mga kalahok ng pag-aaral na humihingi ng kanilang pagsang-ayon na maging bahagi ng pag-aaral. Nagbigay ng pahintulot ang mga kalahok ng pag-aaral sa pamamagitan ng *consent form*. Ginamit ang mga teoryang pampanitikan na humanismo, romantismo, at eksistenyalismo. Sa pamamagitan din ng mga teoryang ito ay binigyang-pagpapakahulugan ang layunin ng pag-aaral. Ang resulta ng pagsusuri ay sumailalim sa balidasyon mula sa tatlong eksperto sa larangan ng panunuring pampanitikan.

**Unang Hakbang. Desisyon sa Pag-aasawa.** Sa bahaging ito, binigyang-tuon ng manunuri ang paksa ng maikling kuwento na nagpapakita ng desisyon sa pag-aasawa. Gamit ang teoryang eksistenyalismo, binigyang-interpretasyon ng manunuri ang nilalaman ng pahayag na may kaugnayan sa desisyon sa pag-aasawa. Mula rito, mababatid kung paano inilantad ng may-akda ang ginawang desisyon sa pag-aasawa ng tauhan sa kuwento.

**Ikalawang Hakbang. Katangian ng Lalaki at Babae Bilang Asawa.** Binigyang-pansin sa bahaging ito ang tauhan ng kuwento gamit ang ilan sa mga pahayag mula sa akda na may kaugnayan sa pagpapakita sa katangian ng lalaki at babae bilang asawa. Sa bahaging ito, lalo pang makikilala ang lalaki at babae bilang asawa ayon sa dulong na ginamit gayundin ang perspektibo ng bawat isa pagdating sa usaping pag-aasawa.

**Ikatlong Hakbang. Pag-iibigan ng Mag-asawa.** Sa bahaging ito ay binigyang-pokus ng manunuri ang pahayag sa akda na sumasalamin sa pag-iibigan ng mag-asawa. Gamit ang tiyak na teorya, sisipatin ng manunuri ang relasyon ng mag-asawa sa isa't isa o ang buhay ng mga ito bilang mag-asawa.

**Ikaapat na Hakbang. Pagtugon sa Suliraning Pag-aasawa.** Makikita sa bahaging ito ang pagsipat ng manunuri sa pahayag mula sa akda na sumasalamin sa pagtugon sa sulirang pag-aasawa. Mula rito nakita ng manunuri kung paano ginamit ng tauhan ang kalayaan nitong tugunan ang suliraning gumagapos sa kanyang buhay.

## 3. Resulta ng pag-aaral

Ang maikling kuwento ay isa sa mga akdang pampanitikan na tumatalakay sa mga usaping kultural at isyung panlipunan. Inilalantad ng ganitong uri ng panitikan ang samu't saring pangyayari sa buhay ng sangkatauhan sa pamamagitan ng paglikha ng may-akda ng mga tauhan na repleksyon ng katotohanan. Ayon kay Belvez (2003), ang maikling kuwento ay nakapagtuturo, nakaaaliw, nakagaganyak, nakapagpapalawak ng pang-unawa sa kapwa at sa buhay, at nakapagpapayaman ng karanasan ng isang tao. Kaya naman, sa pag-aaral na ito, binigyang-pokus ang pagtukoy sa mga suliranin sa pag-aasawa sa konteksto ng pamilyang Pilipino na replektibo sa maikling kuwentong "Ang Halaman ni Angela" na isinulat ni Diego Atienza Quisao. Saklaw ng pagsusuri ang pagtukoy sa desisyon sa pag-aasawa, katangian ng lalaki at babae bilang asawa, pag-iibigan ng mag-asawa, at pagtugon sa suliranin sa pag-aasawa.

**Desisyon sa Pag-aasawa.** Ang buhay ay isang napakahabang paglalakbay. Sa paglalakbay ng tao, nakatatagpo ito ng ibang indibidwal na katulad niya'y naglalakbay rin. Dahil sa pagkakamabutihan at minsa'y nauwi sa pag-iibigan, hindi maiiwasan ang usapin hinggil sa pag-aasawa. Ang pag-aasawa ay isang

napakahalagang yugto sa buhay ng tao kung saan ay kinakailangan itong pakainangan at pagdesisyon nang mabuti sapagkat ito'y isang sagradong pagsasama ng dalawang tao. Ayon kina Gultiano, et al., (2009), ang kasal o pag-aasawa bilang isang institusyon ay binibigyan ng karampatang pagpapahalaga at gayundin ito ay iginagalang sa Pilipinas. Dagdag pa nila, ang pag-aasawa ay maaaring legal (sa pamamagitan ng pagpapakasal sa simbahan o kasal sa sibil) o hindi kaya'y sa pamamagitan ng pagsasama lamang ng dalawang tao, ngunit karamihan ng pag-aasawa sa Pilipinas ay maituturing na legal. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang ilang pahayag na sumasalamin sa iba't ibang mukha ng desisyon sa pag-aasawa sa konteksto ng pamilyang Pilipino.

### Talahanayan 1

#### *Desisyon sa pag-aasawa*

---

Pahayag mula sa kuwento	Pagpapakahulugan
Maagang pagkapag-asawa	Hindi pinag-isipang mabuti ang ginawang desisyon sa pag-aasawa. Higit na pinairal ang puso kaysa isipan.
Naunang nanaog si Martin upang iaayos ang mga dala-dalahan sa karuwahe.	Handa sa pinasok na bagong yugto sa buhay. Walang pag-aalinlangan at kusang iniwan ang buhay pagkabinata para sa panibagong responsibilidad.
Pinapantay na lamang ni Lina ang pulbos sa kanyang mukha nang maramdaman niyang tila lumalakad na ang sasakyang nakahinto sa tapat ng kanilang bahay.	May pasubali pa rin sa ginawang desisyon. Hindi handang iwanan ang buhay pagkadalaga.

---

**Maagang Pagkapag-asawa.** Minsan, dahil sa pagnanais ng tao na makawala sa gapos ng kahirapaan at/iba pang uri ng di magandang kalagayan sa buhay, nakagagawa ito ng maling desisyon. Likas sa tao ang kalayaang gumawa ng mga desisyon para sa kanyang sarili. Ngunit ang pagdedesisyon ay hindi isang madaling gawain sapagkat nangangailangan ito ng rasyonal na pag-iisip at pagsasaalang-alang sa lahat ng mga bagay na maaaring makaapekto pagkatapos isagawa ang desisyon. Ang pag-aasawa ay isang mahalagang yugto sa buhay ng isang tao kaya naman kinakailangan itong dumaan sa mabusising proseso at pagdedesisyon nang sa gayo'y hindi makompromiso ang sagradong bagay na ito. Ayon kay Santos (2014), marami pa rin ang nag-aasawa nang wala sa panahon, ang akala ng ilan, pag-aasawa ang sagot sa kanilang mga problema, akala nila ganoon lamang kadali ang buhay na ito. Kaya naman, ang pagpasok sa buhay pag-aasawa ay dapat pinag-iisipan, dapat handa ang tao na akuin ang nakaabang na malaking responsibilidad, at higit sa lahat, hindi dapat maglamangan ang puso't isipan sa halip ito'y dapat magkaisa't magkaugnayan.

**Naunang nanaog si Martin upang iaayos ang mga dala-dalahan sa karuwahe.** Ang buhay pag-aasawa ay pagtanggap sa bagong hamon ng mundo, pagkakataon at tadhana. Ibig sabihin, kung ang tao'y papasok sa yugtong ito ng kanyang buhay, dapat handa ito sa anumang pagbabagong mangyayari sa kanyang sarili. Kapag pumasok ka sa buhay may asawa, maraming bagay ang mababago sa'yo, maraming bagay ang dapat mong talikuran, kalimutan, at iwanan (Santos, 2014). Kapag ang lalaki'y nagdedesisyon sa pagpapakasal o pag-aasawa, madalas ay handa ito sa pinapasok na buhay. Handa ito sa mga pagbabagong magaganap sa kanyang sarili. Handa itong iwanan ang buhay pagkabinata at gayunding akuin ang responsibilidad bilang isang asawa sa kanyang iniilog. Nagbabago ang pagtingin ng lalaki sa mundo kung ito'y pumapasok sa buhay pag-aasawa lalo na't iikot ang kanyang buhay sa kanyang asawa at hindi na sa kanyang mga barkada.

**Pinapantay na lamang ni Lina ang pulbos sa kanyang mukha nang maramdaman niyang tila lumalakad na ang sasakyang nakahinto sa tapat ng kanilang bahay.** Sapagkat ang taoy ma'y kalayaang gumawa ng desisyon para sa kanyang sarili, madalang masipat lalo na ng ilang kababaihan na ang pagpasok sa buhay pag-aasawa ay nangangahulugang pagkawala sa gapos ng buhay pagkadalaga. Sa pagtahak sa sagradong yugtong ito ng buhay ng tao, kinakailangan ang pagpapaubaya ng sarili sa kanyang kabiyak. May ilang kababaihan na sariling kaligayahan at interes lamang ang iniisip at pinahahalagan. Oo nga't pumapasok sa buhay pag-aasawa ngunit may pasubali pa rin sa kanyang puso't isipan kung saan parabaga itong nahihirapang iwanan ang nakasanayang buhay pagkadalaga at talikuran ang mga nakagisnan nang hindi pa ito nakatatagpo ng magiging katuwang sa buhay.

Sa kabuuan, ang yugto ng pag-aasawa ay hindi dapat minamadali bagkus ito ay dapat pinag-iisipan nang mabuti't maayos. Samakatwid, ang desisyong gagawin ukol sa sagradong bagay na ito ay dapat produkto ng puso't isipan at hindi ng isa sa mga ito lamang. Dagdag pa rito, dahil sa may kalayaan ang taong gumawa ng desisyon, iba-iba ang tingin ng mga ito kapag pumapasok sa pag-aasawa, kalimitan buong-pusong handa at walang pasubali ang kalalakhian kung tinatahak ang yugtong ito sa kanilang buhay. Datapatwa't iba naman sa mga kababaihan sapagkat may iilang sumusuong nga sa hamon ng tadhana ngunit kakikitaan pa rin man din ng pasubali.

### 3.1 Katangian ng lalaki at babae bilang asawa

Bawat tao ay natatangi. Ang hugis ng katawan, kulay ng buhok at lengguwahe ay ilan lamang sa mga katangiang naghihiwalay sa isang tao sa iba. Bawat tao man din ay may natatanging pag-uugali – mabuti man o masama. Ang pag-aasawa ay pagsasama ng dalawang taong may magkaibang pag-uugali o personalidad (Mohammadzadeh, et al., 2008; Sayehmiri et al., 2020). Dagdag pa nina Claxton et al. (2012), kinakailangan ang pagtataya sa buong pagkatao ng magiging asawa upang matiyak ang pangmatagalang relasyon kaya't hindi dapat mangibabaw ang pisikal na katangian ng iibigin bagkus ay kinakailangan ang pagsasaalang-alang sa ugali at pagkatao ng isang indibidwal. Sa konteksto ng pag-aasawa, ang lalaki at babae ay may kanya-kanyang katangian na namumukod-tangi sa kanila bilang mga asawa. Sapagkat hindi pare-pareho ang katangian ng lalaki bilang asawa kaya't hindi tamang sabihin na lahat ng asawang lalaki ay nakahihigit kaysa sa kanilang kabiyak. Masisipat sa sumusunod na talahanayan ang ilang mga katangian ng lalaki bilang asawa.

#### Talahanayan 2.1

##### *Katangian ng lalaki bilang asawa*

Katangian ng lalaki bilang asawa	Pagpapakahulugan
Maselan	Taliwas sa paniniwala ng karamihan, ang lalaki man din ay may puso't damdamin. Nakadarama rin ito ng iba't ibang emosyon.
Mailap	Ang mga lalaki kung nakararanas ng pighati't kabiguan, nagiging mailap din ito minsan sa mga taong naghahabol sa kanila.
Mapagpaumanhin	Matapang man sa unang tingin, marunong ding magpaumanhin ang kalalakhian. Siguraduhin nga lamang hindi ito aabusin dahil kung ito'y magtimi, iba ang dalang galit ng mga ito.
Mapagpatawad	Ang lalaking marunong magpahalaga sa pamilya ay isang mapagpatawad na tao sapagkat ninanais nitong palaging buo't matatag ang kanyang pamilya.
Tahimik	Hindi masalita ang kalalakhian. Kung magsalita man, minsan lang. At ang minsang ito'y naglalaman ng kabuluhan.
Responsible	Likas sa mga lalaki partikular na sa mga may asawa na maging responsible sapagkat may tungkulin itong buhayin ang binubuong pamilya.
Mapagmahal	Ang lalaking tumahak sa yugto ng pag-aasawa ay kakikitaan ng totoong pagmamahal sa kanyang asawa't pamilya.

**Maselan.** Taliwas sa paniniwala ng maraming tao, ang mga lalaki ay may puso't damdamin din. Nakadarama rin ito ng emosyon sa araw-araw na maaaring humubog o sumira sa kanyang pagkatao. Sa buhay mag-asawa, hindi maiiwasan ang pagiging maselan ng lalaki lalo na kung ang asawa nito'y umaasta pa ring dalaga – hindi pinanghahawakan ang responsibilidad bilang asawa. Ang pagiging maselang asawa ay maaaring mauwi sa malaking suliranin lalo na kung ito'y ipagkikibit-balikat lamang ng kanyang kabiyak. Ang babae o asawa ay may tungkulin ding kilalanin ang kanyang asawa – hanggang saan ang galit nito, sa anong pagkakataon ito maaaring magwala, atbp. Kung ang bagay na ito ay hindi niya pagtutuunan ng pansin bilang asawa, malamang ay magiging mitya ito ng hindi inaasahang pagtatalo o hindi kaya'y matinding sigalot sa pagitan ng dalawa.

**Mailap.** Sa buhay mag-asawa hindi lamang ang mga kababaihan ang masisipatan ng pagiging mailap. Sapagkat sa buhay pag-aasawa may mga suliraning mangilan-ngilang dumarating at umiikot sa buhay ng

mag-asawa kayat hindi rin maiiwasan ang pagiging mailap ng mga lalaki sa kanilang kabiyak. Kadalasan, kaya't minamabuting dumistansiya pansamantala ng lalaki sa kanyang asawa ay dahil gusto nitong makapag-isip-isip, makapagpahinga at makapagpalabas ng galit at timpi. Hindi lahat ng mga sinusuyong kalalakihan ay madingaling naaakit ng kanilang mga asawa, may iilang ayaw magpasuyo lalo na kung puno na ito sa kanyang kabiyak o kairog.

**Mapagpaumanhin at Mapagpatawad.** Likas sa mga lalaki ang pagiging matatag, matapang at malakas. Minsan, ito ang pangunahing dahilan kung bakit marami ang nag-aakalang may puso't damdamin nga ba ang mga ito. Sa katotohanan at sa kabila ng mga katangiang ito ng mga lalaki, marunong pa ring magpaumanhin at magpatawad ang mga ito. May mga lalaking hindi na pinapalaki ang mga isyu lalo na kung ito naman ay mapag-uusapan. May ilan ding gaanuman kalaki ang kasalanang nagawa ng kanilang asawa ay handa nila itong patawarin. Ang mga katangiang nabanggit ay napakahalaga sa buhay pag-aasawa sapagkat ang mga ito'y nakatutulong sa pagpapatatag at pagpapatibay ng relasyon ng mag-asawa sapagkat kung ito'y hindi paiiralin maaaring mauwi sa paghihiwalayan ang pasasama ng dalawang magkairog (Gaspard, 2021).

**Tahimik.** Kung ikokompara ang lalaki at babae, masasabing mas tahimik ang nauna. Hindi masalita ang mga lalaki, kung magsalita man ay minsan lamang. Hindi mahilig makipagtalos ang mga ito. Sa buhay pag-aasawa, ayaw ng mga lalaki na pinapalaki ang mga isyung hindi naman dapat binibigyan ng pansin. Sa kabila nito, dahil sa katahimikan ng mga lalaki, hindi malaman ng mga babae kung ang kanilang asawa ba'y nagtitimpi na o gusto pa rin nito ang kanilang ginagawa. Ang pagiging tahimik ay dapat ding binabalanse. Hindi maaaring maging balintiyak na lamang ang mga lalaki sa puntong hindi iimik sa kahit na anumang ginagawa ng babae sapagkat maaaring maging iba ang dating nito sa kanilang asawa. Maaaring isipin ng babae na hindi sila mahal ng kanilang asawa dahil parang hindi naman sila sinusupportahan nito. Sa kabilang banda at ayon na rin sa sabi-sabi ng iba, mahirap galitin ang mga tahimik na tao dahil kapag nasagad ang kanilang pasensya, maaaring maging halimaw ang mga ito. Sa buhay pag-aasawa dapat balanse ang lahat – walang mas nakakababa at walang mas nakahihigit.

**Responsible.** Ang lalaki ang tumatayong haligi ng tahanan. Dahil dito, responsibilidad niyang magbanat ng buto para buhayin ang kaniyang pamilya. Sa konteksto ng pag-aasawa, ang lalaki ang inaasahan ng pamilya – magpapakain sa kanila, magbibigay ng kanilang mga pangangailangan, atbp. Maliban sa mga pangunahing responsibilidad ng lalaki bilang asawa, tungkulin din nitong patatagin at patibayin ang kanyang pamilya nang sa gayo'y hindi ito aga-agad na mabubuwig ng mga suliraning susubok sa tibay at tatag ng pinakaiingatan nilang pamilya. Kaakibat ng tungkuling ito, natatakot ang kalalakihan na makagawa ng kahit simple at/o maliit na pagkakamali sapagkat batid nito na madali silang mahusgahan hindi lamang ng kanilang pamilya kundi pati na ng lipunang kanilang kinabibilangan.

**Mapagmahal.** Ang isang ulirang asawa ay marunong magmahal. Isang pagmamahal na walang hinihintay na kahit anumang kapalit. Isang uri ng pagmamahal na handang isakripriso kahit ang sarili para sa kaligayahan ng iba o ng nakararami. Sa pag-aasawa, malimit itago ng mga lalaki ang kanilang pagmamahal sa kanilang asawa o pamilya ngunit alam nitong bukas ang kanyang puso't damdamin para sa kanila. Sabi pa nga ng iba, ang pagmamahal ang sukatan ng buhay pag-aasawa. Naniniwala ang marami na wala ng sagsay ang pagsasama ng dalawang tao kung wala ng pagmamahalang namumutawi sa pagitan ng dalawa. Ngunit ang sagradong bagay na ito ay hindi dapat kaagad sinusukuan, dapat itong pagtrabahuan sapagkat nakapanghihinayang na mauwi lamang sa wala ang sinumpaang mga pangako't pag-iibigan.

Sa kabuuan, ang pagtahak sa buhay pag-aasawa ay pagpasok sa sagrado't panibagong yugto sa buhay ng tao. Bawat kasangkot sa mahalagang bagay na ito ay may mga natatanging katangian. Isa na rito ang mga lalaki. Ang lalaki ay may mga natatanging katangian bilang asawa at kabilang dito ang pagiging maselan, mailap, mapagpaumanhin, mapagpatawad, tahimik, responsable, at mapagmahal.

Katulad ng sa lalaki, hindi rin pare-pareho ang katangian ng babae bilang asawa kaya't hindi tamang sabihin na lahat ng asawang babae ay may mabuting mga katangian, ang iba'y nagtataglay rin ng mga ugaling hindi

pang-ulirang asawa. Masisipat sa sumusunod na talahanayan ang ilang mga katangian ng babae bilang asawa.

## Talahanayan 2.2

### *Katangian ng babae bilang asawa*

Katangian ng babae bilang asawa	Pagpapakahulugan
Asawang di-uliran	Asawang hindi sinusuklian ng pagpapakabuti ang ibinibigay na pagmamahal ng kanyang asawa
Mailap	Ang mga lalaki kung nakararanas ng pighati't kabiguan, nagiging mailap din ito minsan sa mga taong naghahabol sa kanila.
Matampuhin	Likas sa mga babae ang pagiging matampuhin – kaunting problema lamang, nawawalaan kaagad ng gana o interes ngunit ibang usapan na kung ang babae'y nagpapanggap lamang na nagtatampo.
Maluhu	Pansariling interes lamang ang inuuna. May pasubali pa rin sa buhay pagkadalaga.
Mapangatwiran	Kahit alam ng mali, igigiit pa ring tama ang pangangatwiran.
Mapagkumbaba	Likas sa mga babae na tanggapin ang kanilang pagkakamali at maging mapagkumbaba.
Mapagmahal	Ang lalaking tumahak sa yugto ng pag-aasawa ay kakikitaan ng totoong pagmamahal sa kanyang asawa't pamilya.
Asawang uliran	Asawang sinusuklian ng pagpapakabuti ang pagmamahal ng kanyang asawa.
Mapagmahal	Buong pusong ipinapakita sa kabiyak ang nilalaman ng puso't damdamin. Kahit anumang sitwasyon, handa itong ipadama ang kanyang pagmamahal.
Mapag-aruga	Likas sa mga babae ang pagiging mapag-aruga. Kahit nahihirapan, pipiliin pa rin nito ang kapakanan ng iba.

**Asawang di-uliran.** Sabi nga ng mga nakatatanda, kapag ang isang tao'y pumasok sa buhay pag-aasawa, partikular na ang kababaihan, dapat siguraduhin nitong maging isang asawang uliran, iyong handang suklian ng pagpapakabuti ang pagmamahal ng kanyang magiging asawa. Mababatid sa akda na hindi lahat ng kababaihan ay nagagawang maging asawang uliran kung ito'y pumapasok sa yugto ng pag-aasawa. Hindi maipagkakaila na may ilang asawa na sariling kaligayahan at interes lamang ang inaalala at pinahalalagahan. Madalang nitong masipat ang kahalagahan ng pagiging isang mabuting asawa – asawang handang ibigay ang lahat sa kanyang kabiyak. Nangangahulugan din itong ang pagpasok sa buhay pag-aasawa ay pagtanggap sa responsibilidad na maging katuwang sa buhay ng magiging asawa at hindi ang pagpapabaya sa sinumpaang pagsasama't pagmamahalan alang-alang lamang sa pagnanais na makawala sa gapos ng kahirapan o anupamang suliranin.

**Matampuhin.** Likas sa mga kababaihan ang maging matampuhin. Ika nga ng marami'y madalas dalawin ng *mood swing* o pagbabago-bago ng emosyon ang mga babae. Buhat sa akda, masisipat na hindi lahat ng uri ng pagiging 'matampuhin' ay resulta ng anumang hindi maipaliwanag na bagay o sitwasyon, ang iba'y 'nagpapakamatampuhin' lamang upang masuyo ng kanilang asawa. Siyang tunay na madalas magbago ang emosyon ng mga kababaihan, ngunit ibang usapan na 'yong tila magmumukhang nagtatampo para lamang mapagbigyan at/o masunod ang anumang naisin. Ang buhay pag-aasawa ay hindi isang laro, ito ay isang seryoso at sagradong bagay. Dahil dito, hindi dapat pinaglaruan ang puso, emosyon, o damdamin ng kahit na sinumang kasangkot sa nasabing yugto sapagkat kung ito ang maging pangunahing laman ng isipan partikular na ng mga kababaihan, malamang ay mauwi sa sigalot ang pagsasamahan nila ng kanyang asawa. Walang problema kung ang isang babae ay maging matampuhin, isa itong normal na pangyayari sa buhay mag-asawa ngunit ang pagpapanggap na parang nagtatampo'y kakikitaan na ng suliranin.

**Maluhu.** Likas sa babae ang pagnanais na makuha o makakuha ng mga bagay na ginusto ng kanyang puso. Hahamakin ang lahat maabot lamang ang pinapangarap. Sa buhay pag-aasawa, asahang marami ang pagbabagong magaganap. Mababatid sa akda na hinarap nga ang hamon ng buhay pag-aasawa ngunit mayroon pa ring ilang kababaihan ang nahihirapang iwanan ang buhay pagkadalaga. Ang hindi magawang pag-iwan sa



nakagisnang buhay-dalaga ay isang uri ng luho na maaaring makaapekto sa pagsasamahan ng mag-asawa. Kaya nga't sinasabi ng marami na dapat handa ang isang tao kung papasukin niya ang buhay pag-aasawa sapagkat inaasahan sa kanya na iwana't talikuran ang pag-aastang dalaga dahil ang buhay niya'y iikot na sa kinakasama at hindi na sa mga barkada.

**Mapangatwiran at Mapagkumbaba.** Kung ang mga lalaki'y minsan lamang kung magsalita, iba naman pagdating sa mga babae. Karamihan ng mga kababaihan ang hindi nagagawang hindi pag-usapan ang kahit na anumang bagay na kanilang mapapansin. Dagdag pa rito, karamihan ng mga kababaihan ang naninindigan sa kanilang mga paniniwala't prinsipyo sa buhay. Masisipat sa akda ang paglalaban ng puso't isipan – iyong tipong alam na ng mga babae na mali ang kanilang mga pangangatwiran ay ipagpipilitan pa ring tama ang kanilang iniisip. Walang mali sa paninindigan sa kung ano ang sa tingin mo'y tama ngunit ang pagkilala sa pagkakamali at pagpapakumbaba ay isang napakahusay at napakahalagang katangian ng isang tao partikular na ng isang babae. Ang pagpapakumbaba ay lumilinis sa kasalanan ng isang tao kaya't ito'y dapat pairalin at ipanganlandakan imbis na ang pagiging mapangatwiran lalo na kung wala naman sa tamang lugar.

**Asawang uliran.** Kung may mga asawang di-uliran, hindi naman mawawala ang mga asawang uliran. Sila ang mga asawang handang suklian ng pagpapakabuti ang pagmamahal ng kanilang kabiyak. Sila ang kababaihang ibibigay ang buong tiwala't sarili sa kanilang iniilog. Mababatid sa akda na ang mga asawang uliran ang pumupukaw sa sarado't madilim na pag-iisip ng mga kababaihang nagpapakasasa sa luho't pagpapakabuti ng kanilang mga asawa. Ang pagiging asawang uliran ay hindi nangangahulugang pagiging mababa o *inferior* sa kanilang asawa, ito lamang ay nangangahulugang pagsasaalang-alang sa sinumpaang tinahak na yugto sa buhay. Mahalaga ring mabatid na sa buhay pag-aasawa, dapat walang mas nakahihigit sa isa sapagkat ang sagradong buhay na ito ay dapat kumilala sa kakayahan at kahinaan ng babae't lalaki, at gayundin ang pagkilala sa mga pagkukulang ng sinuman at hindi ang pagbabalewala sa mga ito.

**Mapagmahal at Mapag-aruga.** Ang pag-aasawa ay pagsasama ng dalawang taong nagmamahalan. Mahirap pumasok sa buhay pag-aasawa kung hindi mahal ng isa't isa ang kanilang mga kinakasama. Mababatid sa akda na ang pagiging mapagmahal at pagiging mapag-aruga ay siyang nagpapatibay sa pagsasamahan ng dalawang magkairog. Ang buhay pag-aasawa na hindi inaalaan at inaaruga ay nauwi sa panlalamig at pagkamatay. Ibig sabihin, ang pagmamahalan at pag-aaruga ang susi sa pagpapatatag at pagpapatibay ng sagradong buhay pag-aasawa.

Sa kabuuan, ang pagtahak sa buhay pag-aasawa ay isang napakahalagang yugto sa buhay ng tao kaya't dapat itong pakaingatan at pakaalaan. Bawat kasangkot sa mahalagang bagay na ito ay may mga natatanging katangian. Isa na rito ang mga babae. Ang babae ay may mga natatanging katangian – mabuti man o masama, bilang asawa at kabilang dito ang pagiging isang asawang uliran at/o di-uliran, *matampuhin*, mapagmaliit, maluho, mapangatwiran, matiyaga, mapagkumbaba, mapagmahal, at mapag-aruga.

Samakatuwid, ang lalaki't babae ay may kanya-kayang natatanging katangian bilang mga asawa. Walang masama sa mga ito basta't batid nila kung papaano nila gagamitin ang kanilang mga katangian para sa kabutihang at kapakanan ng iba lalong lalo para sa kanilang pagsasama bilang mag-asawa't magkairog na nanumpang ipaglalaban ang kanilang pagmamahalan sa kabila ng mga dagok na maaaring dumating sa kanilang buhay. Siyang tunay na ang pagkatao o personalidad ng bawat indibidwal ay mayroong malaking ginagampanan sa pagpapatibay ng relasyon bilang mag-asawa (Lazarides et al., 2010).

### 3.2 Pag-iibigan ng mag-asawa

Ang pag-iibigan o pagmamahalan ng mag-asawa ay isang napakakomplikadong bagay. Maraming suliranin ang maaaring dumating sa buhay mag-asawa kaya't kinakailangan itong harapin nang buong tapang at may tiwala sa isa't isa sapagkat kung ito'y mapababayaan, maaari itong maging mitya ng mas malala at matinding problema. Ayon kay Pathan (2015), ang isang malusog at mabuting relasyong mag-asawa ay marunong kumilala sa anumang suliraning maaaring dumating sa kanilang buhay at gayundi'y handa silang harapin o lutasin ang

mga ito. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang pahayag mula sa akda na sumasalamin sa pag-iibigan ng mag-asawa.

### Talahanayan 3

#### *Pag-iibigan ng mag-asawa*

Pahayag mula sa kuwento	Pagpapakahulugan
At ngayon na nga lamang niya natandaang nagbakasyon si Martin sa Bagyo nang di siya isinama o sumangguni muna kaya sa kanya.	Malinaw na malabong relasyon ng mag-asawa subalit hindi makita ng isa sa kanila.

**At ngayon na nga lamang niya natandaang nagbakasyon si Martin sa Bagyo nang di siya isinama o sumangguni muna kaya sa kanya.** Sa buhay mag-asawa, lalo na kung ang isa sa magkairog ay hindi pa talagang handa sa pinasok na panibagong buhay, madalang nitong masisipat ang problema sa pagitan nilang mag-asawa. Malinaw na ipinakita sa akda na ang dating matamis na pag-iibigan ay maaaring mauwi sa paglalabuan. Maaaring manlamig ang dating mainit na paglalambingan. Maaaring mauwi sa pagmamalupit ang dating mabait na pagsusuyuan. Subalit ang pansamantalang distansiya ay hindi nangangahulugang pagsasara ng pinto't daanan bagkus ito'y maaaring magbigay pa ng panibagong pagkakataon. Kung alam ng taong kumilala sa kanyang pagkakamali, magagawa pa nitong baguhin ang tadhana. Ang suliranin sa buhay pag-aasawa ay dapat na pinag-uusapan sapagkat may mga problemang lumalala lang ng lumalala. Kaya't ang wastong pagkontrol sa puso't isipan gayundin ang pag-uugali ay siyang susi upang ang dilim na gumagapos sa sarili'y mapalitan ng liwanag upang muling manumbalik ang nakasanayang pagsasama. Dahil sa pansamantalang paglisan ng asawa, napagtanto ng kanyang kabiyak kung gaano kahalaga ang kanyang asawa't mga sinumpaang hindi nito hinayaang mauwi sa wala ang mga sakripisyong kanyang ginawa sa buhay kaya't mabusisi niyang nilimi ang kanyang sarili upang baguhin ang kanyang pag-uugali alang-alang sa muling pagbabalik ng asawa.

Kakambal ng pag-iibigan ng mag-asawa ang mga suliranin sa buhay. Ayon kina Delatorre et al. (2018), ang mga hidwaan o suliranin sa buhay mag-asawa ay pawang mga likas na pangyayari sa pagitan ng mag-asawa bilang resulta ng kanilang iba't ibang interes, opinyon at pananaw sa buhay. Sa kabila nito'y ang bawat suliranin ay maaaring malampasan hangga't tinutugunan nang angkop at wastong mga pamamaraan.

#### 3.3 *Pagtugon sa suliranin sa pag-aasawa*

Sa buhay pag-aasawa likas na dumarating ang mga suliranin o pagsubok. Kung susuriing mabuti, ang mga pagsubok ay hindi dumarating upang pabagsakin ang relasyong binuo bagkus ito'y daan upang patibayin at patatagin ang relasyong ipinaglaban. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang pahayag mula sa akda na sumasalamin sa pagtugon sa suliraning pag-aasawa.

### Talahanayan 4

#### *Pagtugon sa suliranin sa pag-aasawa*

Pahayag mula sa kuwento	Pagpapakahulugan
Naglalandas ang luha sa kanyang pisngi, at sa pakiramdam niya'y nagdaranas siya ng isang uri ng kamatayan.	Pagpapakumbaba at pagtanggap sa kanyang pagkakamali bilang asawa.

**Naglalandas ang luha sa kanyang pisngi, at sa pakiramdam niya'y nagdaranas siya ng isang uri ng kamatayan.** Ang tao'y may kalayaang gumawa ng mga aksyon o kilos para sa ikabubuti ng kanyang sarili at/o ng nakararami. Mababatid sa akda na ang tao'y may kalayaang tugunan ang kanyang suliranin o sitwasyon upang makalaya sa gapos ng isang uri ng masidhing kalagayan sa buhay. Ang pagpapakumbaba ay napakahirap gawin lalo na kung ang tao'y may mga pinanghahawakan at ipinaglalabang mga paniniwala't prinsipyo sa buhay. Ang pakikibaka na tanggapin ang ating pagkakamali ay maaaring makapaminsala sa ating relasyon at sa ating personal na pag-unlad (Gould, 2019). Ang kusang pagpapakumbaba ay nangangahulugang pagkilala sa sariling

kahinaan at kakulangan. Ito ay humuhugas sa kasalanan ng tao. Ito'y hindi nagpapakita ng pagiging mahina bagkus itoy nagpapahayag ng pagiging totoo't matapang. Ang kababaang-loob ay nakatutulong upang magkaroon nang maayos at mahusay na relasyon (Farrell, et al., 2015). Madalang makita ngunit karamihan ng mga suliranin sa buhay ay dulot ng pag-uugali ng tao. May iilang hindi nagagawang tanggapan ang pagkakamali kaya't hindi nagpapakumbaba kung saan malimit mabatid na ang pagpapakumbaba ang tanging susi upang tugunan ang mga suliraning nagpapahirap sa buhay. Isang simple ngunit napakamakangyarihang salita. Tulad ng mababatid sa akda, ang tao'y kinakailangang magpakumbaba upang masipat nito ang kabuluhan at kagandahan ng buhay.

Sa kabuuan, hindi madali ang buhay may-asawa at pamilya. Maraming mga suliranin ang maaaring sumubok sa tatag ng pagsasama ng dalawang tao ngunit ang pagkakaroon ng tiwala sa isa't isa, pagpapakumbaba, at pagsuporta sa kanya-kanyang desisyon ay makatutulong sa pagpapanitili ng isang matiwasay na pamilya. Mula sa isinagawang pagsipat sa akdang "Ang Halaman ni Angela" ay makikita kung paano nagsilbing representasyon ang panitikan sa mga kaganapang panlipunan at kultural na malaki ang kaugnayan sa pamumuhay ng mga Pilipino.

#### 4. Lagom ng mga natuklasan at konklusyon

Bawat tao ay may kalayaang gumawa ng desisyon ukol sa pag-aasawa. Kalimitan, buong-pusong handa at walang pasubali ang kalalakihan subalit madalas makagawa ng maling desisyon ukol sa usaping ito ang mga kababaihan. Ang lalaki at babae ay may mga natatanging katangian bilang mga asawa. Ang taglay nilang mga katangian ay maaaring magpatibay o sumira sa relasyon nila bilang mag-asawa. Walang perpektong buhay mag-asawa subalit ang pagkilala sa pagkukulang bilang mga asawa ay ang nagpapaganda sa relasyong sinubok ng panahon at pagkakataon. Samantala, ang pagpapakumbaba ay isang makapangyarihang susi upang malutas ang suliraning gumagapos sa buhay mag-asawa. Ang maikling kuwentong "Ang Halaman ni Angela" ay sumasalamin sa mga karaniwang suliranin sa pagsasama ng mag-asawa sa konteksto ng pamilyang Pilipino kabilang na ang desisyon sa pag-aasawa, katangian ng lalaki at babae bilang asawa, pag-iibigan ng mag-asawa, at pagtugon sa suliraning pag-aasawa.

##### 4.1 Rekomendasyon

Magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral sa iba pang akdang pampanitikan na sumasalamin sa pag-uugali, kultura, usaping panlipunan, at paniniwala ng mga Pilipino. Makatutulong ang pagsipat sa mga akdang pampanitikan tungo sa ganap na pag-unawa sa iba't ibang sitwasyon na repleksyon ng pamumuhay ng mga Pilipino.

#### 5. Sanggunian

- Belvez, P. M. (2003). *Pamana: Sining ng pagkukuwento at pagbigkas ng tula*. Manila: Rex Book Store.
- Claxton, A., O'Rourke, N., Smith, J., & DeLongis, A. (2012). Personality traits and marital satisfaction within enduring relationships. *Journal of Social and Personal Relationships*, 29(3). <https://doi.org/10.1177/0265407511431183>
- Cuddon, J. A. (n.d.). *Introduction to Romanticism*. Retrieved from <https://uh.edu/engines/romanticism/introduction.html>
- Delatorre, M. Z., & Wagner, A. (2018). Marital conflict management of married men and women. *Psico-USF*, 23(2), 229–240. <https://doi.org/10.1590/1413-82712018230204>
- Existentialism - By Movement / School - The Basics of Philosophy. (n.d.). -. Retrieved from [www.philosophybasics.com/movements\\_existentialism.html](http://www.philosophybasics.com/movements_existentialism.html)
- Farrell, J., Hook, J., Ramos, M., Davis, D., Van Tongeren, D., & Ruiz, J. (2015). Humility and relationship outcomes in couples: The mediating role of commitment. *Couple and Family Psychology: Research and Practice*, 4(1), 14–26. <https://doi.org/10.1037/cfp0000033>

- Gaspard, T. (2021). *How forgiveness can transform your marriage*. Retrieved from <https://www.gottman.com/blog/forgiveness-can-transform-marriage/>
- Gould, W. R. (2019). How to get better at admitting you're wrong. *NBC News*. <https://www.nbcnews.com/better/lifestyle/how-get-better-admitting-you-re-wrong-ncna1003356>
- Gultiano, S., Hindin, M., Upadhyay, U., & Armechin, G. (2009). Marital status and psychological well-being of Filipino women. *Philippine Social Science Council*. [https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Philippine%20Population%20Review/2009/05\\_Martal%20Status%20And%20Psychological%20Well\\_Being%20Of%20Filipino%20Women.pdf](https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Philippine%20Population%20Review/2009/05_Martal%20Status%20And%20Psychological%20Well_Being%20Of%20Filipino%20Women.pdf)
- Lazarides, A., Belanger, C., & Sabourin, S. (2010). Personality as moderator of the relationship between communication and couple stability. *Europe's Journal of Psychology*, 6(2). <https://doi.org/10.5964/ejop.v6i2.182>
- Mohammadzadeh Ebrahimi, A., & Jomhari, F., & Borjali, A. (2008). The relationship between similarity and complementarities in personality factors with marital satisfaction. *Research in Psychological Health*, 2(1), 61-69.
- Pathan, Z. (2015). Adversities of marital conflict: A sociological analysis. *Semantic Scholar*. <https://www.semanticscholar.org/paper/Adversities-of-Marital-Conflict%3A-A-Sociological-Iosr-Dr./bf541a0eba2414137bb6a92a9c3c789cd37bc058>
- Santos, M. (2014). Pag-aasawa: Dalawang kultura, isang oryentasyon. *Academia*. [https://www.academia.edu/25713750/PAG\\_AASAWA\\_Dalawang\\_Kultura\\_Isang\\_Oryentasyon](https://www.academia.edu/25713750/PAG_AASAWA_Dalawang_Kultura_Isang_Oryentasyon)
- Sayehmiri, K., Kareem, K. I., Abdi, K., Dalvand, S., & Gheshlagh, R. G. (2020). The relationship between personality traits and marital satisfaction: a systematic review and meta-analysis. *BMC Psychology*, 8(1). <https://doi.org/10.1186/s40359-020-0383-z>
- Scott, E. (2020). 6 Common causes of marriage problems and how to solve them. *Verywell Mind*. <https://www.verywellmind.com/common-marriage-problems-and-solutions-3144958>
- Soren Kierkegaard > By Individual Philosopher > Philosophy. (n.d.). -. Retrieved from [www.philosophybasics.com/philosophers\\_kierkegaard.html](http://www.philosophybasics.com/philosophers_kierkegaard.html)
- Thompson, K. (2016). 10 Warning signs of pride in marriage. *Kevin A. Thompson*. <http://www.kevinathompson.com/10-warning-signs-pride-marriage>